## VIII. POLICY MATTERS ... (cont'd)

. . .

### B. Guidelines for the Appointment ... (cont'd)

4. As provided by existing rules, the aggregate teaching and administrative load of a faculty member on TSA shall not exceed 36 course units per academic year.

B Affiliate Faculty

1. Requests by the Chancellor to appoint faculty members of another CU as affiliate faculty shall be forwarded to the Chancellor of the home unit at least one semester prior to the effectivity of appointment in the second CU.

2. Should the affiliate faculty be asked to teach in the second unit, the latter shall pay for the overload pay of the faculty and transportation costs.

**Board action: Approval**

### C. Mungkahing Gawad para sa Natatanging Publikasyon sa Filipino

Minumungkahing magtatag ang Unibersidad ng Gawad para sa Natatanging Publikasyon sa Filipino bilang bahagi ng *Academic Distinction Fund* (ADF). Sa kasalukuyan binubuo ang ADF ng mga sumusunod:

## VIII. POLICY MATTERS ... (cont'd)

. . .

### C. Mungkahing Gawad ... (cont'd)

- International Publication Award,
- International Award for the Arts,
- Scientific Career System; at
- University Professor Grant.

Ang Gawad para sa Natatanging Publikasyon sa Filipino ay alinsunod sa patakaran sa wika ng Unibersidad. Inaasahan din na lalong huhusay ang mga publikasyon sa Filipino ng mga fakulti at REPS sa pamamagitan ng pagkilalang idudulot ng minumungkahing gawad

A. Mga Patakaran

1 Dalawa ang kategorya ng gawad para sa pinakamahusay na publikasyon sa Filipino at isa ang gantimpala sa bawat kategorya:

   - Gawad para sa Malikhaing Panulat; at
   - Gawad para sa Publikasyon ng Orihinal na Pananaliksik (sa anumang disiplina maliban sa malikhaing panulat).

2. Ang publikasyon ay dapat inilimbag ng prestihiyoso at mapaniwalaang tagapaglathala o sa *refereed* at kilalang dyornal.

3. Sakop ng mga gawad ang mga nailatha sa nakaraang taon. Halimbawa, kwalipikado para sa Gawad 2000 ang mga publikasyon sa 1999.

## VIII. POLICY MATTERS ... (cont'd)

. . .

### C. Mungkahing Gawad ... (cont'd)

. .

4. Bawat gawad ay may halagang P100,000 kung ang pinakatanging publikasyon ay buong aklat, o P50,000 kung ito ay kabanata ng aklat o artikulo sa dyornal. Hahatiin ang gawad nang pantay-pantay sa mga may-akda.

5 Hindi kasama sa gawad ang mga publikasyon na inedit o sinalin mula sa ibang wika. Orihinal na akda lamang ang kwalipikado.

6. Regular na fakulti o REPS lamang ang magagawaran.

7 Ang mga malikhain at orihinal na publikasyon ay isusumite sa Opisina ng Bise Presidente para sa Gawaing Pang-akademiko. Magbubuo ang Presidente ng komite upang suriin at piliin ang pinakatanging publikasyon sa bawat kategorya na siyang irerekomenda sa Presidente. Magtatakda ang komite ng nararapat na kriterya para sa ebalwasyon ng mga akda.

**Board action: Approval**